Mt. Zion Baptist Missions Philippines – Sermon Notes
www.mzbmp.org | facebook.com/mzbmp | www.sermonaudio.com/mzbmp
mobile: 09154948573 | Missionary Bill Hardecker

**Pamagat**: Pananampalatayang Patay (Dead Faith)

**Bible Text**: James 2:17 "Even so faith, if it hath not works, is dead, being alone."

*Pagsasalin*: Ganito rin naman ang pananampalataya, kung wala itong mga gawa, ito ay patay, alinsunod sa kanyang sarili.

**Panimula**:

1. Ang pinaka-maagang liham sa Bagong Tipan ay ang aklat ni Santiago. (45 AD)
2. Sinulat niya ito sa gitna ng matinding pagsubok dulot ng paguusig ng mga kalaban ng mga Iglesia at marami siyang mga praktikal na turo na punong-puno ng mga kautusan at payo na makakapagbigay ng sigla sa mga kapatiran.
3. Sa mga binasa nating mga bahagi, ay mayroong turo ang Panginoon para sa lahat ng mga nagsasabing sila ay Christiano o sila ay may pananampalataya at halos ganito na ang nakikita natin sa lipunan natin ngayon.
4. Pansinin ang pariralang ginamit ni James upang ilarawan ang mga nagsasabing mananampalataya o nag-aangking mga Kristiyano. – (v.17, faith without works is dead, being alone; v.20 "faith without works is dead?"; v.26 "so faith without works is dead also.")
5. Ito ang bibigyan nating pansin ngayon: Ang Pananampalatayang Patay.

I. **Mayroong Dalawang Uri ng Pananampalataya**. (Living Faith and Dead Faith)

A. Ano ang mga katangian ng buhay na pananampalataya?

A.1. Ito ay nakarinig ng Salita ng Dios (Rom. 10:17)
A.2. Ito ay naka-unawa sa mensahe ng Salita ng Dios.
A.3. Ito ay may halong pagsisisi. (mga maling paniniwala, mga kasalanan, sa sarili)
A.4. Ito ay tumanggap sa Panginoong Jesus. (Jn. 1:12)
A.5. Ito ay sumampalataya mula sa puso. (Romans 10:9)
A.6. Ito ay may-pagbabago sa buhay. (2 Cor. 5:7; John 3:3; 14:17)

B. Ano ang mga katangian ng patay na pananampalataya?

B.1. Ito ay salita lamang at walang tunay na pagbabago.
B.2. Ito ay may pinapanigan pero ang pinapanigan ay ang mali, or kasalanan.
B.3. Ito ay hindi nakakaunawa sa yaman ng grasya ng Dios.
B.4. Ito ay lumalapastangan sa pangalan ng Panginoon at sa titolong: Christiano.
B.5. Ito ay walang malay patungkol sa mga kautusan ng Dios.
B.6. Ito ay pananampalataya na walang mga bunga ng mabubuting gawa.

II. **Ang Mananampalataya ay Napaptunayan at Nakikita ang Mga Mabubuting Gawa**

A. Masdan ang tanong ng v.14 - Ano ang pakinabang mga kapatid ko, kung sinasabi ng sinuman na siya'y may pananampalataya, ngunit walang mga gawa? Maililigtas ba siya ng pananampalataya?

B. Ang mga mabubuting gawa ay nagpapakita (o nagpapahayag) ng pananampalatayang buhay. (v.18)

C. Ang pananampalatayang patay ay sumasang ayon sa Biblia pero hanggat lamang sa ulo at hindi sa puso. (v.19) – mga diablo nga ay sumasampalataya at nanginginig pa sa takot – pero gayun paman hindi sila ligtas!

D. Ang pananampalataya ng walang bunga ng mabubuting gawa ay patay! (v.20)

E. Si Abraham ay nag-alay ng kanyang anak at sa sandali na itinaas niya ang kutsilyo upang ialay si Isaac – doon natupag ang mga banal na kasulatan, at ibinintang siya ng kutuwiran, at tinawag siyang Kaibigan ng Dios. (v.23). – Ito ang tunay na pananampalataya! Buhay na pananampalataya!

**Katapusan**:

1. Sa pag-aaral natin sa Biblia ngayon – ano sa palagay mo ang kalagayan ng iyong pananampalataya?
2. Tulungan nawa tayong ng Banal na Espiritu ng Dios, na malaman natin ang tunay na kalagayan ng ating kaluluwa at higit pa nito, ay Makita natin ang tupa o kordero ng Dios na nagaalis ng lahat ng ating mga kasalanan.